

Filipino-Tadbalik: Wika ng Milenyal

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development

Vol. 9 No. 1, 98-105

March 2021

Nilda H. Deyto (MAEd) Felisa D. Marbella (PhD)

Sorsogon State College, Paaralang Gradwado, Lungsod Sorsogon, Pilipinas

deytonilda@gmail.com, felymarbella03@gmail.com

Date Received: October 21, 2020; Date Revised: February 5, 2021

Abstract - This study explored the use of Filipino-Tadbalik in the Elementary, Junior High School and Senior High School in Sorsogon. Descriptive Survey Research design was used. Random Sampling was used in selecting 360 participants from 2 elementary schools, 2 Junior High Schools and 2 Senior High Schools. Interview and checklist with the participants were used in gathering data. The data gathered were analyzed and interpreted using frequency count and ranking. Based on the result, the Filipino-Tadbalik used and well-known to the Elementary, Junior High School and Senior High School are lodi (idol/ idol), pitmalu (malupit/ cruel), nosibalasi (sinobasila/ who are they), dabarkads (barkada/ friend) yorme (meyor/ mayor), and werpa (pawer/ power). On the level of difficulties using Filipino Tadbalik, it gained the same results among the Elementary, Junior High School and Senior High School, for them, using Filipino-Tadbalik is not so difficult to use it. The participants did not have a hard time using Filipino-Tadbalik in everyday conversations. The factors that affect the structure of Wikang Filipino when using Filipino-Tadbalik are elementary students had difficulty in understanding formal conversation, Junior High School seems that Filipino-Tadbalik is the obstacle in improving their vocabulary and Senior High School makes them confused, difficulty in pronunciation and definition of words when using Filipino-Tadbalik. It is recommended to further study in looking in depth effects of Filipino-Tadbalik in written discourse. Introduce and impart Filipino-Tadbalik in any discipline as part of their creative writing. The teachers must provide time for intervention to enhance and enrich their vocabulary in Wikang Filipino.

Keywords: effect of Filipino-Tadbalik, structure, poverty, millennial

Abstrak- Natiyak sa pag-aaral na ito ang mga patok na patok na Filipino-Tadbalik sa mga mag-aaral sa elementarya, Junior High School at Senior High School. Random sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng 360 na kalahok mula sa mababa at mataas na paaralan ng lunsod ng Sorsogon. Deskriptib-Sarbey ang ginamit na disenyo sa paglikom ng mga datos na kinailangan sa pag-aaral na ito. Pakikipanayam at tseklist naman ang ginamit para makuwa ang mga datos na kailangan sa pag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay inalis, sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang pagbilang at pagrango. Batay sa natuklasan ang mga Filipino-Tadbalik na patok na patok sa elementarya, Junior High School at Senior High School ay ang lodi (idol) pitmalu (malupit), nosibalasi (sinobasila), dabarkads (barkada) yorme (meyor), at werpa (pawer). Sa lebel ng kahirapan sa paggamit ng Filipino-Tadbalik ay magkatulad ang lumabas na resulta mula sa Elementarya, Junior High School at Senior High School, Hindi Gaanong Mahirap para sa kanila ang paggamit ng Filipino-Tadbalik. Sa epekto ng paggamit ng Filipino-Tadbalik sa istraktura ng Wikang Filipino, sa elementarya ay Nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pormal na pakikipagtalastasan. Sa Junior High School Nagiging balakid sa pag-unlad ng Wikang Filipino dahil sa halip na pagyamanin ito, ay madalas nababalewala dahil sa mga Filipino-Tadbalik at sa Senior High School ay Nagbibigay kalituhan sa pagbigkas at pag intindi ng kahulugan. Ang tatlong grupo ng respondent ay hindi gaanong nahirapan sa paggamit ng mga salitang Filipino-Tadbalik sa pakikipagtalastasan. Sa bawat grupo ng respondent, iba-iba ang naging epekto ng paggamit ng Filipino-Tadbalik sa istraktura ng Wikang Filipino.

Susing salita: Epekto ng Filipino-Tadbalik, Filipino-Tadbalik, Istraktura, Lebel ng Kahirapan, Wika ng Milenyal

INTRODUKSIYON

Ang salita ay sadyang makapangyarihan, nakakaya nitong pagbigkisin ang iba't ibang ideya tungo sa pagkakaroon ng maayos at tahimik na mundo. Pinag-

iisa ng wika ang mga tao sa iisang layunin, paniniwala, tradisyon at kultura, pinagyayaman nito ang pagkakakilanlan, mga kaisipan at saloobin. Ang wika ay masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na

isinasaayos sa paraang arbitraryo upang itoy maging daan sa pagpapabatid ng mga mahahalagang kabatiran. [1].

Ang Pilipinas ay isang napakayamang bansa dahil ito ay tahanan ng mahigit 100 na wika at ang bawat isa nito ay may sari-saring dayalekto [2] ngunit marami pang wika sa Pilipinas ang hindi naitatala sapagkat ang mga itoy sinasalita sa liblib na lugar, ayon sa pag-aaral ni Constantino [3].

Sa pagkakaroon ng iba't ibang lenggwahe ng mga Filipino ay malinaw na humaharap mula noon hanggang ngayon ng isang malaking hamon sa pagpapayaman ng pambansang wika. Isa sa mga hadlang ng pagpapayaman ng wika ay ang mga salitang balbal katulad ng Filipino-Tadbalik o tinatawag ding baliktad-tagalog at back slang sa Ingles. Mga salitang popular ngayon tulad ng petmalu, werpa, lodi, dabarkads, noypi, ay ilan lamang sa mga naririnig saan mang lugar, karaniwan itong ginagamit ng mga mag aaral sa mga tahanan, kantina ng paaralan, sa mga mall lalo na sa mga lansangan. Sapagkat ito ay napapanahon kung kaya't hindi maiiwasan na nagagamit na ito sa isang pormal na pakikipagtalastasan. Tinuturing din itong personal na pakikipagkumunikasyon anumang uri ng pamumuhay ang paggamit din nito. Ang pagbabalik ng salita o back slang ay nakagawa ng sariling pagkakakilanlan lalong lalo na sa mababang antas ng pamumuhay sa lipunan. [4].

Ang Filipino-tadbalik o Baliktad-Tagalog ay hindi na bago sa ating mga ninuno sapagkat noon pa mang 1930's at 1940's ang mga salita tulad ng damatan (matanda) ermat at erpat (ina at ama) ay talamak na ring ginamit. Katunayan may isa pang nauso na kanta noong 1980's na inawit ng Sampaguita ang NoSiBalaSi (Sino Ba Sila?) Laki sa Layaw ni Mike Hanopol at ang JeproX o Projects. Ang Kulturang Hippie ang nagdala at nagpakilala nito [5].

Ang ating pambansang alagad ng sining na si Nick Joaquin (1963) ay sumulat ng isang artikulo tungkol dito na pinamagatang "The Language of the Street" at sinasabi na ang baliktad tagalog ay isang pagsasanay sa paglikha ng bagong salita sa pamamagitan ng pagbabalik ng lumang salita na kung saan ginamit nya sa kanyang artikulo ang mga salitang damatan, erpat at ermat.

Ayon kay professor Igno [6] ng University of the Philippines Linguistics "Hindi siya masama, ito ay bahagi ng natural na katangian ng wika at ang wika ay nagbabago sa pagdating ng panahon". "Ang pagkakaroon ng mga ganitong salita ay product siya ng

creativity ng tao. May kakayahan tayo mag-create o makabuo ng expression na produkto rin ng nag-eexist nasalita." At kay Roy Cagalingan [7] language researcher ng Komisyon sa Wikang Filipino "Kung mula tayo sa panahon ng 'erpa', panahon ng 'yosi,' panahon ng 'batsi', o kung anuman 'amats,' bumabalik lang ang fashion sa ibang panahon." "Hindi lang ito noong 1970's nangyari rin ito kahit noong panahon ng katipunan o himagsikan," "*Katipuneros used secret codes in order to hide their identity and evade authorities. Writer-patriot Marcelo Del Pilar used the pen name 'Plaridel' a jumbled version of his last name Del Pilar.*"

Ang pag-unlad ng wika ay hindi maihihiwalay sa kumunidad, habang umuunlad ito patuloy sa pagdiskubre sa mga salita lalo na ang baliktad-tagalog o back slang, pampalito lang ang lenggwahe na mga pausong salita na ito. Ngunit ito'y bahagi lang ng walang katapusang ebolusyon ng ating wika at kultura.

Ayon nga kay Almario [8] "Ang Wika ay parang trends, nakikisabay sa uso, kung hindi nagbabago yan, mamamatay ang ating Wika".

Sa araw-araw na pakikisalamuha ng mananaliksik sa iba'tibang uri ng tao partikular na sa mga kabataan madalas marinig ang mga salitang pabaliktad, malimit marinig sa paaralan, lansangan at maging sa bahay. Usong-uso ito ngayon sa mga kabataan o mga milenyal, maging sa mga pakikipagtalo sa lansangan na wariy kaaya-aya nilang gamitin na mdalas naman nakaririndi pakinggan sa mga matatanda. kung titingnan at susuriin ang wikang milenyal ay nagdudulot ng kalituhan lalo na sa mga ibang henerasyon,

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang (1) matukoy ang mga salitang Filipino-Tadbalik na patok na patok sa kasalukuyan sa mga mag-aaral sa elementarya, Junior High School at Senior High School (2) malaman ang lebel ng kahirapan ng paggamit ng mga salitang Filipino-Tadbalik ayon sa pangkat ng mga kalahok at (3) malaman ang epekto ng Paggamit ng Filipino- Tadbalik sa istraktura ng Wikang Filipino.

PAMAMARAANG GINAMIT

Random Sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng 360 na kalahok mula sa mababa at mataas na paaralan ng lungsod ng Sorsogon. Deskriptib-Sarbey ang ginamit na disenyo sa paglikom ng mga datos na kinailangan sa pag-aaral. Pakikipanayam at sarbey tseklist ang ginamit para makuwa ang mga datos

na kailangan sa pag-aaral at ito ay inalisa, sinuri at bingyan ng interpretasyon gamit ang pagbilang at pagrarango.

MGA NATUKLASAN

Inilahad sa kabanatang ito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag-aaral na ito.

1. Mga salitang Filipino-Tadbalik na patok na patok sa kasalukuyan sa mga mag-aaral sa Elementarya, Junior High School, Senior High School

Naglahad ang mananaliksik ng 20 mga Filipino-Tadbalik na patok na patok sa elementarya. Nanguna ang mga salitang Filipino-Tadbalik na *Lodi (idol)* ayon ito sa sagot ng 146 mula sa mga mag-aaral na Grade 5 at Grade 6. Ang salitang *Lodi* o *idol* ay tumutukoy sa taong magaling at hinahangaan, ito ang nangungunang Filipino-Tadbalik na patok na patok sa grade 5 at grade 6.

Madalas ang mga ganitong salita ay nagagamit nila hindi lamang sa pakikipagtalastasan kundi pati sa mga gawaing pampaaralan, halimbawa nalang sa pag-gawa ng komposisyon malimit na nahahalaan ng mga ganitong salita na nagiging bunga ng malabong pakahulugan, at kahirapan sa pagkakilala ng angkop na salita. Bukod pa rito nagiging mahina ang pagbibigay ng interpretasyon sa ginawang komposisyon.

Sinundan ito ng salitang *Petmalu o malupit* ayon ito sa sagot ng 138 na kalahok. Ang salitang *pitmalu* o *malupit* ay tumutukoy sa kakaibang gawain o anumang bagay na bago sa paningin. Ang salitang ito ay nagagamit ng mga milenyals na hindi lamang sa loob ng paaralan kungdi sa pang-araw-araw na gawain katulad ng narinig ng mananaliksik sa mga nag-uumpukan na mag-aaral.

Ang Filipino-tadbalik na *Nosi ba lasi o Sino ba sila* ang nasa pangatlong ranggo ayon sa 105 na kalahok na sumagot. Ito ay isang awitin na pinasikat noong 1990s ng bandang Sampaguita, nangangahulugang walang pakialamanan sa buhay. Madalas ang salitang ito ay naiiugnay hindi lamang bilang isang kanta kungdi maging sa mga normal na usapan tulad ng hindi pagkakaunawaan, ginagamit ito para hindi tahasang maintindihan ng pinapatungkulan.

Sinundan ito ng Filipino-tadbalik na *Dabarkads o barkada* na nasa no.4 na rango ayon sa 104 na sumagot, ito ay katawagan sa mga barkada o kaibaigan, ito ay madalas mapanood at makita sa isang *variety show* sa telebisyon, kaya hindi mapapasubali na hindi magaya o

magamit ng mga milenyals ang salitang ito dahil sa hikayat ng midya.

Ang Filipino-Tadbalik na nasa no.5 ay ang *Yorme o meyor*, ang salitang ito ay katawagan sa isang katungkulan sa gobyerno. Ang baliktad na salita nito ay galing mismo sa isang opisyal ng gobyerno na mahilig magbaliktad ng mga salita, paraan nya para maabot at makiisa sa kalagayan ng mga nasasakupan nya.

Implikasyon ng resultang ito ay tangap na tangap ng mga milenyal ang ganitong uri ng salitang balbal tulad ng Filipino-Tadbalik. Ang makabagong panahon at kapaligiran ay malaking bagay na rason sa malawakang paggamit ng Filipino-tadbalik kaysa sa angkop na Wikang Filipino na sa bandang huli ay may malaking epekto sa mga mag-aaral.

Sumasang-ayon ito sa sa pag-aaral ni Maravillas [9] na ang bata ay nakikilala ayon sa kanyang wikang sinasalita kaya naman mahalagang malaman at masuri ang kabuuang anyo ng wikang taglay ng mga kabataan sa paggamit ng mga makabagong salitang balbal o salitang milenyals, apektado silang lubos, mabilis na nakapanghikayat sa kanilang isipan sa ibang anyo ng pagkatuto.

sa Junior High School ay nangunguna ang *Lodi (idol)* ayon sa rango 1 na may 75 na sumagot. Katulad ng resulta sa elementarya ang Filipino-Tadbalik na ito ay patok na patok sa Junior High School. Nasa ranggo 2 naman ang salitang *pitmalu o malupit* ayon sa 52 na sumagot. Pangatlo ang salitang *Rapsa o sarap* ayon sa sumagot na 39 na sumagot, Ang Filipino-Tadbalik na *Werpa o power* ay nasa blg.4 ayon sa 38 na sumagot, ang salitang ito ay tumutukoy sa lakas at suporta, madalas marinig ito sa mga gawain o anumang paligsahan, tulad ng “more werpa mga rep kaya nyo yan!”. Ang blg.5 na salita ay ang *Dabarkads o barkada* na nakakuha ng 35 na sagot, ayon sa Junior High School nagkakaroon ng kakaibang pakiramdam ang bawat isa kapag ito ang gamit nilang tawagan.

Kinakailangan ng agaran na pag gabay ng mga guro lalo na ang mga guro sa Filipino sa pagtuturo ng angkop na salita upang sa ganun malimitahan ang paggamit ng mga Filipino-tadbalik at kung hindi maiiwasan ang paggamit nito gumawa ngistratehiya ang mga guro para magamit ito sa masining na pananalita o pasulat at agarang interbensyon sa mga ito.

Implikasyon ng resultang ito ay lumalabas na ang nasa Junior High School ay bihasa sa paggamit ng mga salitang balbal tulad ng Filipino-Tadbalik, nangangailangan ng malakas na motibasyon upang ang mga mag-aaral ay mahasa sa pagsasalita ng standard na Filipino.

Binigyang diin ito sa pagaaral ni Bautista [10] na ang pagbabago ng wika ay isa sa dapat paghandaan lalo na sa mga bagong barayti na wika. Itoy napakalaking hamon para sa lahat. Lalong lalo na sa mga guro sa Filipino.

Ang mga Filipino-Tadbalik na madalas gamitin ng nasa Senior High School, batay sa resulta nangunguna ang *Lodi (idol)* ayon sa rango 1 na may 53 na sumagot, katulad ng resulta sa elementarya at Junior High School ang Filipino-Tadbalik na *Lodi* o *idol* ang nangunguna, ito ay kanilang nakuha sa mga kausap nilang gumagamit rin nito, ang mga milenyals sa ngayon ay mahilig mag *explore* ng mga ibat-ibang karanasan at isa na rito ang paggamit ng Filipino-Tadbalik. Sinundan ito ng *petmalu (malupet)* na nasa blg.2 ayon sa may 37 na sumagot, ang Filipino-Tadbalik na ito ay madalas marinig sa mga Senior High School, madalas bumababa ang aplikasyon o kahinaan sa pagtanggap ng angkop na salita sa bawat paggamit nito sa pakikipagkumunikasyon. Nasa blg.3 naman ang *Yorme(meyor)* ayon sa 28 na sumagot, madalas hindi lamang ang mga Senior High School o mga milenyals ang gumagamit nito, ginagamit din ito na mga tao para pantawag sa mga nakakataas sakanila. Pareho namang nasa blg.4 ang *Werpa (pawer) at Noypi (pinoy)* ayon sa sumagot na 27, ibig sabihin ang mga salitang ito ang palagian nilang nagagamit sa pang araw-araw na pakikipagkumunikasyon. Ang werpa o pawer ay madalas gingamit nila kung may pinatungkulan sila sa pagbibigay ng suporta at pagdamay sa isat isa, ang noypi o pinoy ay ay katawagan namn sa pagkakakilanlan bilang isang filipino, madalas ang mga salitang ito ay tahasang nagagamit nila sa pang araw-araw nilng gawain.

Implikasyon nito ay ang Filipino-Tadbalik ay talamak ng ginagamit ng mga milenyals ngayon, lumalabas sa resulta na mas nararamdaman nila ang pag tangkilik sa mga filipino-tadbalik. hindi maitatangi na lumilitaw ito o nadadala sa pang araw-araw nilang kumunikasyon. kaya madalas nakakalimutan na ng mga mag-aaral ang angkop na salita.

Ang nabanggit na resulta ay tiyak na isang hamon sa mga guro, sapagkat ayon kay Corson [11] sa anumang lebel ng pag-aaral lubos na kailangan ng isang mag-aaral ang pagtataglay ng mga kasanayang linggwistik.

2. Lebel ng Kahirapan kapag Ginagamit ang mga salitang Filipino-Tadbalik sa Elementarya, Junior High School at Senior High School

Talahanayan 1. Lebel ng Kahirapan kapag Ginagamit ang mga Salitang Filipino-Tadbalik sa Elementarya

Mga Salita	Grade V		Grade VI		Kabuuang	
	f	Rank	f	Rank	f	Rank
Napakamahirap	7	4	3	4	10	4
Mahirap	9	2	8	3	17	2.5
Hindi gaanong mahirap	53	1	59	1	112	1
Hindi mahirap	8	3	9	2	17	2.5

Ayon sa Talahanayan 1 ang *Hindi Gaanong Mahirap ang nanguna* ayon sa rango 1 na may 112 na sumagot mula sa mag-aaral sa Grade V at Grade VI. Nagpapakita lamang ito na sa kanilang edad ay hindi sila nahirapan gamitin ang estilo ng filipino-tadbalik, madali nila itong nagagamit sa kanilang pakikipag ugnayan sa iba.

Nasa blg.2 naman ang *Mahirap at Hindi Mahirap* ayon sa 17 na sumagot, hati ang opinyon ng mga mag-aaral, sa sumagot ng Mahirap ito yung mga nahihirapan sa pag salita ng filipino-tadbalik,karamihan sakanila ay yung nariririnig lang nila o nasasagap lang nila sa kausap ang salitang filipino-tadbalik.kinakailangan pa nilang aralin ang mga salitang ito upang sa ganun maintindihan nila. Samantala ang sumagot ng Hindi Mahirap ito yung bunga sa mga naiimpluwensyahan sa labas kalye o pamayanan. Ito yung mga milenyals na sanay na sanay gamitin ang mga filipino-tadbalik nagagamit nila ito hindi lamang sa pakikipagsalamuha nila sa iba bagkus kahit sa loob ng paaralan lalo na sa mga Gawain.

Nasa blg.4 naman ang *Napakamahirap* na may 10 na sagot, ito naman ay ang mga mag-aaral na para sa kanila ay hindi madali gumamit ng mga ganitong salita o hindi sila sanay. Hindi nila binibigyang ng boung atensyon ang filipino tad-balik. Para sa kanila napakahirap gamitin ang mga ito lalo na nagbibigay ito ng kalituhan at hirap sa pagintindi kapag ginamit sa pakikipagkumunikasyon.

Mahihinuha na mas marami ang gumagamit ng Filipino-tadbalik na *Hindi gaanong nahihirapan*, nagkakaroon sila ng kalayaang gamitin lahat ng mga inobasyon sa wika dahil sa magnet ng teknolohiya. maituturing na isang hamon ito sa mga guro kung paano ito mabibigyan ng lunas.

Implikasyon nito na ang karamihan sa mag-aaral sa elementarya ay gumagamit ng Filipino-tadbalik, itoy malaking hadlang sa pag-unlad ng talasalitaan nila Sa Wikang Filipino bunga nito nakakalimutan ng mga mag-aaral ang wastong gamit ng mga salita at nasisira nito ang istraktura ng wikang Filipino na ginagamit at ginagawa nila sa loob ng paaralan, nangangailangan ito ng patnubay ng mga guro at magulang.

Nabanmnggit ni Jagnaana [12] pangunahing tungkulin ng guro ang pagtuturo. Ito ay upang magbigay ng impormasyon at gumising sa kawilihan ng mga mag-aaral sa paksang tinatalakay.

Makikita sa Talahanayan 2 ang lebel ng kahirapan ng Junior High School sa pag gamit ng filipino-tadbalik.

Talahanayan 2. Lebel ng Kahirapan kapag Ginagamit ang mga Salitang Filipino-Tadbalik sa Junior High School

Lebel ng Kahirapan	F	Rank
Napakamahirap	6	4
Mahirap	23	2
Hindi gaanong mahirap	60	1
Hindi mahirap	17	3

Ang Talahanayan ay nagpapakita na ang *Hindi Gaanong Mahirap* ang pinaka maraming sagot ayon sa rango 1 na may 60 na sumagot. Maoobserbahan sa resulta na karamihan sa Junior high school ay hindi gaanong nahihirapan gumamit ng filipino-tadbalik, itoy madalas nilang gamitin sa labas, sa bahay at sa paaralan, Nasanay sila na pakikipag-usap na gamit ang Filipino-Tadbalik, dagdag pa dito ang napapanood nila sa social media na malaki ang impluwensya nito sa pakikipagkomunikasyon.

Sinundan ito ng *Mahirap* na nasa no.2 na may 23 na sumagot, ang mga sumagot naman ng mahirap ay yung mga mag-aaral na hidi masyado nangingialam sa mga pagbabagong nagaganap sa larangan ng kumunikasyon kaya hirap sila magbigay ng interpretasyon sa Filipino-Tadbalik.

May 17 na sumagot na *Hindi Mahirap*, ito ang mga mag-aaral na nakikipagsabayan sa uso, na kadalasan hindi naman naiintindihan ang sinasabi o hindi alam ang sinasabi ngunit mapapansin parin na kahit papaano ay may komunikasyon na makikita gamit ang Filipino-Tadbalik, Di-maikakailang nakakainganyo ito sapagkat marami ang tumatangkilik upang maging kaisa sa nauuso.

May anim (6) na sumagot ng *Napakamahirap*, sa mga mag-aaral na ito tingin nila sa filipino-tadbalik ay isang napakahirap bigkasin at gamitin ngunit nakikisang-ayon naman sa kahulugan. Madalas nakukuha nila ito sa mga lantad na mga salitang palasak sa mga social media sites kagaya ng facebook, twitter, at instagram na maiinganyo ang mga kabataan na makiuso at makisabayan sa mga salitang milenyal tulad ng Filipino-Tadbalik.

Implikasyon ng nasabing resulta na kinakailangan ng bigyan ng pansin ng mga guro, magulang at kinauukulan ang nangyayari, magiging sanhi ito ng kalituhan sa kaisipan ng bawat isa at ito ay nagpapakita ng antas ng bokabularyong Filipino ay mababa lalo at palaging kasama ang filipino tadbalik sa mga pang araw-araw na komunikasyon.

Naaayon dito ang pag-aaral ni Malana [13] na ang kakulangan ng kaalaman ng mag-aaral sa linggwistikong Filipino at sa pag gamit ng mga salitang balbal sa kanilang mga araling tinatalakay ay nagkakaroon ng epekto sa pagkatuto ang mag-aaral sa kanilang mga Gawain.

Talahanayan 3. Lebel ng Kahirapan kapag Ginagamit ang mga Salitang Filipino-Tadbalik sa Senior High School

Lebel ng Kahirapan	f	Rank
Napakamahirap	4	4
Mahirap	20	2
Hindi gaanong mahirap	46	1
Hindi mahirap	17	3

Makikita sa talahanayan ang lebel ng kahirapan ng Senior high school sa pag gamit ng Filipino-Tadbalik. Malinaw na ipinakita na ang *Hindi Gaanong Mahirap* ang nanguna ayon sa rango 1 na may 46 na sumagot, nagagamit nila ito ng walang kahirap hirap sa kanilang pang araw-araw na gawain at komunikasyon .karamihan sa kanila ay sanay sa mga salitang kalye na nakakaenganyong gamitin tulad ng Filipino-Tadbalik na madalas nadadala nila sa paaralan at nagagamit sa pakikipagtalastasan.

Pumapangalawa ang *Mahirap* na may 20 na sumagot, hati ang Senior High School pag dating sa usaping Filipino Tadbalik, base sa resulta kung 46 ang hindi gaanong nahirapan, may 20 na para sakanila mahirap, ito yung mga mag-aaral na hindi masyado pinagaaksayahan ng panahon ang mga salitang Filipino-Tadbalik.

Pangatlo ang *Hindi Mahirap* ayon sa 17 na sumagot, ito yung mga mag-aaral na aktibo sa social media na alam na alam ang mga patok na patok na mga Filipino-Tadbalik.

Pang apat ang *Napakamahirap* ayon sa 4 na sumagot. Ito yung mga mag-aaral na mas nanaisin na wag gamitin ang Filipino-Tadbalik dahil sa taglay nitong kalituhan sa pakikipag-usap, nagbibigay din ito ng hindi pagkakaunawaan kung hindi kaagad nakukuha ang nais ipabatid ng kausap.

Nangangahulugan na ang resulta nito ay hindi gaanong mahirap gamitin ang Filipino-Tadbalik para sa Senior High School, napakadali nilang iangkop ito sa pang araw-araw nilang pakikipag komunikasyon. Madalas nagagamit nila ito bilang instrumento sa pakikipag-ugnayan dahil mas napapadali ang proseso ng interaksyon. nagagamit nila ito sa mga gawain tulad ng paggawa ng tula, sanaysay o maging kuwento,

Implikasyon ng nasabing resulta na gabayan ng mga magulang ang mga anak nila sa filipino-tadbalik, dapat alam din ng mga magulang ang epekto nito upang sa ganun mapatnubayan nila ang kanilang mga anak at malimitahan ang pag gamit nito. Magkaroon din ng mga panukalang gawain ang mga guro at mahikayat ng mabuti ang mga mag-aaral na gamitin ang wikang filipino sa tama at angkop na pakikipagtalastasan.

Sumasang-ayon dito ang pag-aaral nina Santos et al [14] ang wikang Filipino ay “Liberated Variety” dahil sa malaya nitong tinatanggap ang mga salitang ang anumang uri ng wika tulad ng mga salitang bal-bal dahilan na ang Wikang Filipino ay maraming pagsubok na kinakaharap.

Nangunguna ang *Nagkakaroon ng hindi Pagkakaintindihan sa Pormal na pakikipagtalastasan* ayon sa 76 na sumagot mula sa Grade V at Grade VI, ibig sabihin nito ay nagagamit ng mga mag-aaral ang Filipino-Tadbalik sa mga pormal na usapin na nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan sa anumang bagay. Mahirap unawain o sabayan lalo na kung unang pagkakataon lang ito marinig o mabasa mula sa kanila. Nagiging hamon rin ang mga ganitong salita lalo na sa

mga guro na hindi gumagamit ng mga Filipino-Tadbaik.

Pumapangalawa ang *Hindi kaagad naiintindihan ang ideya sa pakikipag-usap* ayon sa 73 na sagot, ibig sabihin nito ay nahahirapan maintindihan ang nais ipabatid sa kausap. nagkakaroon ng maling interpretasyon sa komunikasyon at sa mga gawaing pampaaralan na madalas nawawala ang diwa ng kausap sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Nasa ikatlo ang *Nagbibigay kalituhan sa pagbigkas at pag-intindi ng kahulugan* ayon sa 72 na sagot, ibig sabihin nahahirapan sila sa pag gamit ng Filipino-tadbalik at hindi kaagad nila nauunawaan ang sinasabi ng kausap. Madalas sa mga hindi gumagamit nito o hindi alam ang salitang ito ay malilito kung ano ang ibig sabihin ng mga Filipino-Tadbalik.

Ang lahat ng ito ay ang mga suliraning kinahaharap hindi lamang mga mag-aaral lalong lalo na ang mga kaguruan at pati na magulang na naway magkaroon sila ng mga hakbangin o interbensyon para mapaunlad ang bokabularyu at komprehensyon ng mga mag-aaral.

Ang paggamit ng Filipino-Tadbalik ay hindi maiwasan ang kalituhan, marami ang mga mga salita na wari’y kay hirap bigkasin at baliktarin, sa unang tunog hindi mo kaagad maiintindihan. Sa pakikipagusap madalas nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan lalo na kung sa pormal na pakikipag-usap dahil nahahaluan ng mga wika o salita na hindi angkop halimbawa dito ay ang paggawa ng komposisyon kadalasan ang nagkakaroon maling interpretasyon ang awtput ng mag-aaral.

Talahanayan 4. Epekto ng Paggamit ng Filipino- Tadbalik sa Istruktura ng Wikang Filipino sa Elementarya

	Epekto	Grade V		Grade VI		Kabuuang	
		F	Rank	f	Rank	f	Rank
1.	Nagbibigay kalituhan sa pagbigkas at pag-intindi ng kahulugan	38	1	34	3	72	3
2.	Hindi kaagad naiintindihan ang ideya sa pakikipag-usap	36	35	37	2	73	2
3.	Nagkakaroon ng di-wastong paggamit ng salita halimbawa sa mga komposisyon	28	7	21	6.5	49	7
4.	Nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pormal na pakikipagtalastasan	37	2	39	1	76	1
5.	Nagdudulot ng hindi kaaya-ayang reaksiyon kapag ang mga salitang ito ay gagamitin sa may mataas na posisyon sa lipunan	13	8	21	6.5	34	8
6.	Magiging Malabo ang pakikipagkomunikasyon na nagiging sanhi sa kaguluhan	34	55	24	5	58	5
7.	Nakakaapekto sa kulturang nakagisnan sa hindi paggamit ng wasto sa mga salita	36	35	14	8	50	6
8.	Nagiging balakid 103ap ag-unlad ng Wikang-Filipino dahil sa halip na pagyamanin ito madalas nababalewala dahil sa mga nagsulputang mga salitang balbal tulad ng Filipino-Tadbalik	34	55	27	4	61	4

Maliban dito mahirap makuha kaagad ang nais ipakahulugan ng kausap, bumabagal ang pag-usad ng komunikasyon.

Implikasyon nito lalong magiging magulo ang wika, kayat nararapat lang talaga na magkaroon ng dagdag kaalaman ang mga magulang para maituro ng tama sa kanilang mga anak ang angkop na wika, at malaki ang papel ng guro para sa bagay na ito. Magkaroon ng mga panukalang gawain tulad ng lantarang pagtuturo ng Wikang Filipino at pag lunsad pagbibigay ng mga

Ayon kay Dr. Amalia Cullarin Rosales [15], mapanghamon ang mga suliranin sa pagpapaunlad sa wika, sapagkat napakaraming balakid ang susuungin ng mga nag mamalaskit sa Wikang Filipino upang maisakatuparan ang adhikaing ito sa wika dapat sa paaralan palang ay nahuhubog na ang mga mag-aaral.

Epekto ng Pag-gamit ng Filipino-Tadbalik sa Istrukturang ng Wikang Filipino sa Junior High School

Pinakauna ang *Nagiging balakid sa pag-unlad ng Wikang Filipino dahil sa halip na pagyamanin ito madalas nababalewala dahil sa mga nagsusulputang mga salitang balbal tulad ng Filipino-Tadbalik* na may 69 na sumagot. Pangalawa ang *Hindi kaagad naiintindihan ang ideya sa pakikipagusap* na may 67 ang sumagot. No.3 ang *Nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pormal na pakikipagtalastasan* na may 64 na sagot.

Ang mga *Nagkakaroon ng di-wastong paggamit ng salita halimbawa sa mga komposisyon, Nagdudulot ng hindi kaaya-ayang reaksyon kapag ang mga salitang ito ay gagamitin sa may mataas na posisyon sa lipunan, Magiging Malabo ang pakikipagkumunikasyon na nagiging sanhi sa kaguluhan, Nakakaapekto sa kulturang nakagisnang hindi paggamit ng wasto sa mga salita at nagbibigay kalituhan sa pagbigkas at pagintindi ng kahulugan* ay iba pang epekto sa istraktura sa Filipino. na sa malaot madali ay magiging balakid sa pag unlad ng wika kapag hindi nabigyan ng kaukulang lunsad ang mga problemang ito, at malaking hadlang sa pagpapayaman ng bokabularyo at komprehensyon ng mga milenyals. Sikapin ng mga guro na makapagbigay ng pagsasanay at pangaral sa mga mag-aaral hinggil sa inobasyon ng wika at pakikipagkomunikasyon.

Implikasyon nito na hindi naman kailangang gumamit ng salitang balbal para makiuso dapat alam natin ang tama at wasto para sa atin at lipunan. Kung hindi bibigyan ng pansin ay

magtutuloy-tuloy ang epekto nito at baka tayo ay maging banyaga pa sa sariling wika. kaya nararapat na pagpalaganapin ang Wikang Filipino sa pang araw-araw na pakikipagtalastasan upang sa ganun umunlad pa lalo ang sariling atin at hindi madadaig anumang salitang balbal pa ang dumating.

Sumasangayon ito sa sa pag-aaral ni Maravillas (2012) na ang bata ay nakikilala ayon sa kanyang wikang sinasalita kaya naman mahalagang malaman at masuri ang kabuuang anyo ng wikang taglay ng mga kabataan sa paggamit ng mga makabagong salitang balbal o salitang milenyals, apektado silang lubos, mabilis na nakapanghihiikayat sa kanilang isipan sa ibang anyo ng pagkatuto.

Epekto ng Pag-gamit ng Filipino-Tadbalik sa Istrukturang ng Wikang Filipino sa Senior High School

Nagbibigay kalituhan sa pagbigkas at pag intindi ng kahulugan ang pinakauna na may sumagot na 55, ito ay nangangahulugan na mahirap bigkasin ang mga ganitong uri ng wika at nagdudulot ng kalituhan sa naguusap. Patunay lamang ito na ang Filipino-Tadbalik ay hindi maling unawain kaagad at hindi kaagad naiintindihan ang ibig pakahulugan nito.

Nasa pangalawa ang Hindi kaagad naiintindihan ang ideya sa pakikipagusap ayon 52 na sumagot, batay dito hindi deredertso ang usapan kapag gamit ang Filipino-Tadbalik sa kadahilanang hindi kaagad nakukuha ang ibig sabihin ng kausap kapag gamit ang Filipino-Tadbalik hindi kaagad malinaw at epektibo na maipahayag ang damdamin at kaisipan ng taong naguusap.

Pangatlo ang *Nagkakaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pormal na pakikipagtalastasan* ayon sa 49 na sumagot kung ang Filipino-Tadbalik ay ginamit sa pormal na usapin magdudulot ito ng hindi pagkakaintindihan, magkakaroon lang ng kaguluhan. Nagdudulot lang ito ng malaking suliranin tulad ng maling paggamit ng mga salita ayon sa taong kausap tulad ng guro, magulang kapwa mag-aaral.

Malinaw na ipinakita sa resulta na ang Filipino-Tadbalik ay lantaran ng ginagamit ng mga milenyals, nagpapakita lamang ito anumang pagbabago sa wika kasama na ang mga salitang balbal tulad ng Filipino-Tadbalik

Implikasyon ng nasabing resulta na kinakailangan na mag sumikap ng mga guro katulong ng mga magulang sa pagpamulat sa mga milenyals ng mga epekto ng Filipino-Tadbalik, Mahirap intindihin ang wikang di mo alam; at kung limitado naman ang iyong

bokabularyo, mahihirapan ka ring ipahayag ang laman ng puso at isipan. Witgenstein [16].

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang naging kongklusyon ay iba-iba ang mga salitang Filipino-Tadbalik na patok na patok sa kasalukuyan sa mga mag-aaral sa Elementarya, Junior High School at Senior High School. Ang tatlong grupo ng respondent ay hindi gaanong nahirapan sa paggamit ng mga salitang Filipino-Tadbalik sa pakikipagtalastasan. Sa bawat grupo ng respondent, iba-iba ang naging epekto ng paggamit ng Filipino-Tadbalik sa istraktura ng Wikang Filipino. Nabuo ang isang gawain para paglinang ng bokabularyo at komprehensyon ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino sa pasulat at pasalita gamit ang Filipino-Tadbalik sa masining na pananalita.

Naging rekomendasyon ang mga sumusunod: Ipakilala ang Filipino-Tadbalik bilang bagong bihis ng wika at ang positibong dala nito. Maaaring isama ito sa mga gawain sa paaralan sa masining na pamamaraan. Mabigyan ng angkop na interbensyon sa pagpapaulad ng kasanayan at kaalaman ang mga mag-aaral sa pasalita o pasulat ng Wikang Filipino upang sa ganun maging matatas sila sa paggamit nito upang maiwasan ang kalituhan sa pagbigkas at pag-unawa sa pakikipagtalastasan.

Maging bukas ang isip ng mga guro para sa mga pagbabago sa wika at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang positibo at negatibong dala nito. Hikayatin ang mag-aaral na gumamit ng Wikang Filipino.

Gumamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral upang lumawak ang bokabularyo sa Wikang Filipino. Pagtuunan ng pansin ng mga guro ang kahinaan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Magkaroon ng oras sa paaralan para ituro ang bokabularyong Filipino sa tulong ng mga guro dito ay tatalakayin ang mga salita na nakalimutan na upang pagyamanin. Gawin ang mungkahing gawain sa paglinang ng bokabularyo at komprehensyon ng mga mag-aaral upang sa ikakayaman ng kaisipan ng mga milenyals, maging sa paggamit ng mga salitang Filipino Tadbalik sa masining na pamamaraan. Magsagawa ng mga iba pang mga pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik upang maging gabay sa pagpapayaman ng bokabularyo at komprehensyon ng mga mag-aaral at sa pagpapayaman ng Wikang Filipino

TALASANGGUNIAN

- [1] Henry Gleason <https://www.google.com/search?hl=en&q=henry+gleason+wika>
- [2] CD Mcfarland, (2004), "The Philippine Language Situation". <https://online.library.wiley.com>
- [3] Constantino, kahulugan-at-katangian-ng-wika.html. <https://teksbok.blogspot.com/2010/08/>
- [4] Julie Coleman (1960), The Life of Slang. <https://www.washingtonpost.com/entertainment/books/the-life-of-slang-by-julie-coleman/>
- [5] Bajo, A.F. (2017), GMA News Online <https://dailydoseofdonxx.blogspot.com/2017/10/bakit-patok-ang-mga-salitang-lodi.html>
- [6] Igno, J. (2017). <https://cnnphilippines.com/Lifestyle/2017/10/26/lodi-petmalu-werpa-expert.html>
- [7] Cagalingan, R. <https://cnnphilippines.com/Lifestyle/2017/10/26/lodi-petmalu-werpa-experts-explain.html>
- [8] Almario, V. (2017). <https://www.eagleNews.ph/paggamit-binaliktad-na-mga-salita-nauuso-kwf-may-paalala/>
- [9] Maravillas, 2012 <https://books.google.com.ph/books?id=Bw6roCZptLYC&pg=PA296&lpg=PA296&dq=maravillas+study+of+language+in+the+philippines&source=bl&ots=W5OKruO3gJ&sig=>
- [10] Bautista (1996). <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4919>
- [11] <https://www.coursehero.com/file/potc349/wika-sa-pang-araw-araw-na-routine-ng-klase-nang-sa-gayon-hindi-mawala-sa-isipan/>
- [12] Jagna (2014), https://issuu.com/rayjagnaAn/docs/angbiyaya_pia_final
- [13] Malana (2013). <https://prezi.com/yg3iodzxic3q/mga-suliranin-sa-pagtuturo-ng-pagbabaybay-sa-wikang-filipino-sa-sekondaryang-paaralan/>
- [14] Santos (2008). <https://www.academia.edu/34147223/FILwikangfilipinoparasamagaaralnafile.doc>
- [15] Rosales, A.C. (2010). <https://ejournals.ph/article.php?id=843->
- [16] Witgenstien, (1951), <https://philosophyforChange.wordpress.com/2014/3/1/meaning-is-use-wittgenstien-on-the-limits-of-language>

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).